Public education
Discover a world of opportunities

TAGALOG

Kindergarten

HELLO KINDERGARTEN!

Department of **Education**

Ano ang maasahan ninyo kapag pumasok sa kindergarten ang inyong anak.

CC BY

ANO ANG NILALAMAN

Ang paglalakbay ng inyong anak sa paaralan 4

Ang mga unang karanasan at ang pag-unlad ng utak 5

Kindergarten Pagsisimula ng paglalakbay sa paaralan 6

Ano ang matutuhan ng aking anak? 8

Sa Kindergarten… 9

Ang pagpasok sa paaralan araw-araw ay talagang mahalaga 11

Ang inyong magagawa sa tahanan 12

Higit na marami pang mga ideya para sa inyo at sa inyong anak 13

PAMAGAT: Hello Kindergarten! Ano ang inyong maaasahan kapag magsimula ng Kindergarten ang inyong anak.

SCIS NO: 1710440
ISBN: 978-0-7307-4563-1

© Department of Education Western Australia 2015

Ang libritong ito ay maaaring kopyahin nang buo o nang bahagi at sa anumang format na walang bayad para sa mga di-pangkalakal na mga layuning pang-edukasyon.

Makakahiling ng babasahing ito sa mga iba pang nababagay na format.

Kagawaran ng Edukasyon
151 Royal Street
East Perth WA 6004
T: 9264 5803
W: education.wa.edu.au

© Department of Education, Western Australia 2015

Ang libritong ito ay para sa inyo dahil magsisimula na ng kindergarten ang inyong anak.

Ipinapaliwanag nito kung ano ang nangyayari sa isang karaniwang araw sa kindergarten at kabilang na rin ang mga ideyang makakatulong sa pagpapalagay ng loob ng inyong anak sa paaralan.

Ang papel na inyong ginagampanan bilang unang guro ng inyong anak ay napakahalaga. Ginagamit ng mga nauunang taon ng paaralan na batayan para sa karagdagang pag-unlad ang mga karanasan ng inyong anak sa tahanan at sinisimulan ang pundasyon para sa lahat ng kanyang haharaping pag-aaral.

Marami kayong magagawa upang suportahan ang pag-aaral ng inyong anak.

Bibigyan kayo ng libritong ito ng mga ideya tungkol sa inyong mga magagawa sa tahanan para magdagdag sa mga nakakatuwang mga bagay na natututuhan ng inyong anak sa bawat araw sa kindergarten.

Tingnan online ang saklaw ng aming mga librito at mga pahina ng impormasyong puno ng mga nakakaaliw na ideya at mga gawaing magagawa ninyo sa tahanan kasama ng inyong anak.
W: education.wa.edu.au

© Department of Education, Western Australia 2015

ANG PAGLALAKBAY NG INYONG ANAK SA PAARALAN

Ang mga bata ay natututo ng maraming mahahalagang bagay bago sila magsimula sa paaralan.

Natututo sila sa tahanan mula sa inyo, mula sa mga kaibigan at pamilya, sa mga playgroup sa inyong lugar, sa mga Sentro ng Bata at Magulang (Child and Parent Centres), at sa mga pang-araw na pampamilya at pambatang pag-aalaga (child/family daycare) na kanilang pinupuntahan. Dala nila ang lahat ng mga natutuhang ito sa paaralan kapag magsimula sila sa kindergarten.

Natututo nang pinakamagaling ang mga bata kapag sila ay sinusuportahan ng kanilang mga pamilya. Lalong kasama kayo sa pag-aaral ng inyong anak at lalong nakikipag-usap kayo sa guro, kapwa ninyo higit na masusuportahan ang inyong anak. Ang isang malakas na pagkakasama sa paaralan at ang panayang kontak sa guro ay sinisiguro na ang inyong anak ay magkakaroon ng pinakamagaling na pagsisimula sa paaralan.

Sa Kindergarten, patuloy na pinapabuti ng inyong anak ang mga mahahalagang kasanayang kanyang nadibelop kasama ninyo sa tahanan. Maaaring ibilang sa mga kasanayang ito ang kakayahan ng inyong anak na magsalita tungkol sa mga bagay na kanyang nagugustuhan; gumuhit ng mga larawan, magkunwaring bumasa; malaman ang mga kulay, bilang, sukat at hugis at makibahagi sa iba.

Ang inyong sigasig ay tutulong sa inyong anak na mapalagay ang loob sa Kindergarten at maipagmalaki ang mga bagay na kanyang natututuhan sa bawat araw.

© Department of Education, Western Australia 2015

MGA NAUUNANG KARANASAN AT ANG PAG-UNLAD NG UTAK

Ang utak ng mga bata ay ‘gawaing sumusulong!’

Sa ilang mga unang taon ng buhay, mabilis lumaki ang utak ng inyong anak. Ang inyong mga karanasan kasama ng inyong anak sa mga taong ito ay talagang lubhang mahalaga. Ang nakakalibang, masaya at ligtas na kapaligiran sa tahanan, paaralan at sa loob ng komunidad ng paaralan ay tutulong sa pag-unlad ng pakikipagkapwa, damdamin at pag-iisip ng inyong anak.

Ang laro ay sadyang mahalaga sa pag-aaral ng mga bata. Ang laro ay nagbibigay sa mga bata ng mga pagkakataong paunlarin ang kanilang guni-guni, sanayin ang kanilang galing, makipag-usap sa iba, harapin ang mga paghahamon at lumutas ng mga problema sa mga masasaya at nakakalibang na paraan.

Ang pag-aawit, paglalaro, paggagawa, paglalaro ng mga larong pagkukunwari, pagsasalita, pag-aakyat, pagsasayaw, pagbabasa, pagsusulat at paguguhit, ang lahat ng mga ito ay tutulungan ang utak ng inyong anak na gumawa ng mga paraan ng pag-iisip at pagtututo.

© Department of Education, Western Australia 2015

KINDERGARTEN
SINISIMULAN ANG PAGLALAKBAY SA PAARALAN

Nakakahalina. Ganito madalas inilalarawan ng mga pamilya ang mga silid-aralan ng Kindergarten. Ang mga silid ay puno ng mga gawain ng mga bata, mga makukulay na paskil at mga kaakit-akit na pagtatanghal na makikita ng lahat. May malaking saklaw ng mga lugar na nauukol sa mga gawain kung saan ang isang bata ay makakatuklas, makakapagpalagay, makakalikha at makakatuto sa pamamagitan ng laro.

Ang Kindergarten ay ang unang karanasan ng pag-aaral ng inyong anak sa paaralan – ng himala at katuwaan ng pag-aaral, pagtutuklas at pagsasaliksik.

Kahit na hindi sapilitan ang Kindergarten sa Kanlurang Australya, ang pagpasok sa Kindergarten ay lubos na pinapayo dahil sa Kindergarten nagkakaroon ang inyong mga anak ng mga kasanayang ukol sa pakikipagkapwa at sa damamdamin na tutulong sa kanya sa buong buhay niya sa paaralan. Makakadibelop din siya ng mga unang kasanayan sa matematika, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat.

Maraming mga paaralan ang nagdaraos ng mga miting na pang-impormasyon bago magsimula ang taon ng pasukan sa paaralan o sa ilang mga unang linggo ng term. Bibigyan kayo nito ng pagkakataong makilala ang guro at ibang mga pamilya, at malaman kung ano ang nakaplano para sa taon. Kung hindi kayo makakadalo, kontakin ninyo ang paaralan at kausapin ang guro upang mag-ayos ng tipanan sa ibang panahon.

Madalas na magpapadala ang guro ng inyong anak ng nakasulat na impormasyon at mahalaga na maglaan kayo ng panahon upang basahin ang mga mensaheng ito.

Kung inyong ipapakita na kayo ay nagtitiwala at nasisiyahan tungkol sa paaralan, malalaman ng inyong anak ito. Ito ay mahalaga sa pagpapasigla ng kagustuhang mag-aral at sigasig sa pagpasok sa paaralan bawat araw.

Maging sun smart! Siguruhing may sumbrero ang inyong anak at gumagamit ng sunscreen araw-araw.

© Department of Education, Western Australia 2015

Ano ang nangyayari sa araw?

May pasok sa Kindergarten 15 oras bawat linggo. Sa ilang mga paaralan may pasok sa kombinasyon ng mga buo at kalahating araw bawat linggo, habang ang iba ay may pasok kalahating araw lamang o buong araw lamang. Makipag-usap sa inyong paaralan upang malaman kung paano sinimulan ang programa.

Ang ilang paaralan ay hinihimok ang mga bata na gamitin ang uniporme ng paaralan sa Kindergarten. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ninyo ang inyong paaralan upang malaman ang patakaran ukol sa uniporme at kung saan bibili ng mga bagay na pang-uniporme.

Magpaplano ang guro ng palagiang pahinga bawat araw upang makakain at makalaro ang inyong anak. Hihilingan kayo ng ilang paaralan na mag-abuloy ng prutas at mga pampalusog na meryenda na ibabahagi sa lahat nga mga bata sa oras ng meryenda.

Kung ang inyong anak ay nasa pang-buong araw na programa ng Kindergarten maghanda kayo ng pampalusog na pananghalian na nakabalot o nasa lalagyan na madali niyang mabubuksan at makakain niyang mag-isa. Ang pamamahala ng sarili ay isang napakahalagang kasanayan na matututuhan ng inyong anak sa panahong ito.

Maaaring payuhan kayo ng guro ng inyong anak na sumali sa simula ng bawat araw. Napakagaling na paraan ito para sa pagpapalagay-loob ng inyong anak sa mga karaniwang gawain at para makita ang gawain ng inyong anak at pag-usapan ang ginagawa niya sa araw.

Kung may ibang susundo sa inyong anak pagkatapos ng paaralan – gaya ng lolo o lola o tagapag-alaga – paki-paalam sa guro ng inyong anak. Sinisiguro ng mga guro na ang bawat bata ay susunduin bawat araw ng taong kilala nila kaya importanteng mananatiling maalam ang paaralan.

© Department of Education, Western Australia 2015

ANO ANG MATUTUHAN NG AKING ANAK?

Sa maingat na naiplanong kapaligiran, ang inyong anak ay makararanas ng iba-ibang pag-aaral na gawain.

Ibibilang dito ang pagugupit, pagpipinta, pagdidikit, pag-dodrowing, pagbibihis, paglalaro sa buhangin, pag-aakyat, pagsasalaysay ng kuwento, pag-aawit, pagsasayaw, pagsisiyasat at mga pangsosyal na gawain gaya ng pakikipagkaibigan.

Ang sosyal at pandamdaming pag-unlad ng inyong anak ay napakahalagang bahagi ng nakaplanong pag-aaral. Magpaplano ang kanilang guro ng mga gawain at papalakasin ang kanilang loob na sumali upang sila ay maging mga matagumpay na mag-aaral, maglalaro ng koponan, manlulutas ng sulirananin at mapanlikhang taong palaisip na nalilibang sa mga paghahamon.

Ang isang pang pokus ng Kindergarten ay ang wika at karunungang bumasa't sumulat. Makakadibelop ang inyong anak ng maagang pag-unawa ng mga titik, tunog at nagtutugmang salita; at kung paano nagsasalaysay ng mga kuwento ang mga larawan, kung paano binabasa ang mga nakasulat na salita, at kung paano isinusulat ang mga binibigkas na tunog.

Ang pag-aaral tungkol sa matematika at bilang at pagtuos ay isang mahalagang bahagi ng Kindergarten. Matututo ang inyong anak tungkol sa mga bilang at hugis, pagbilang, pagsukat at sa maraming paraan na ginagamit ang matematika sa ating mga buhay araw-araw.

Isinasaalang-alang ng mga guro ang mga karanasan at pinagmulan ng mga bata upang tiyakin na ang mga programa ng pag-aaral ay naglalayon sa pagsapat ng kani-kanyang pangangailangan.

Magdidibelop ang inyong anak ng matatag na kasanayang bumasa't sumulat kung siya ay babasahan ng mga aklat, makikipagbahagian ng mga kuwento at matututo ng mga awit at tulang pambata. Matututuhan niyang malaman ang mga salita at pantig, at magsalarawan ng mga bagay, magsalaysay ng mga kuwento at malaman ang limbag gaya ng nakasulat na pangalan niya. Ang mga kasanayang ito ay tutulong sa hinaharap sa pagbabasa at pagsusulat.

© Department of Education, Western Australia 2015

SA KINDERGARTEN...

Pagsusulat

Malalaman ng inyong anak na ang mga binibigkas na salita ay maisusulat. Maipapakita ng kanyang pagsusulat ang mga palambang na inilagay na titik o mga sulat na padaskol na kahawig nang makikita niya na pagsulat. Pasiglahin ang lahat ng kanyang mga pagsisikap!

Mga tunog

Magsisimulang malaman ng inyong anak ang mga tunog sa mga salita, lalong-lalo na ang unang tunog sa isang salita. Malamang na sa panahong iyon ay malalaman niya ang huling tunog sa isang salita. Magsisimulang malaman ng inyong anak ang mga titik at salita, gaya ng mga karatula at pangalan ng mga tindahan, at matutuhan ang mga tunog-titik na pag-uugnay.

Pagsukat

Ang inyong anak ay magdidibelop at gagamit ng wika ng pagsukat gaya ng: *mataas, mababa, mabigat* at *magaang*. Gagamit siya ng karaniwang wika ng oras gaya ng: *madali, mabagal* at *mabilis,* at makakagamit ng mga salita gaya ng: *bago, pagkatapos* at *susunod* upang pag-usapan ang mga pagsasaoras ng mga alam na alam na pangyayari.

Pag-uuri

Magsisimulang uriin ng inyong anak ang mga bagay ayon sa sukat, hugis at kulay, at sama-samang grupuhin ang mga parehong uri ng laruan gaya ng mga kotse at mga block.

Mga bilang

Magsisimula, ang inyong anak na maglaro ng mga laro na tutulong sa kanyang matuto tungkol sa mga bilang at sumali sa mga kuwento at mga awit na may pagbibilang.

Pagbabasa

Magkakahilig ang inyong anak sa mga aklat at larawan at mga salita na nilalaman ng mga ito. Ang pagbabasa ng mga kuwento, pagbibigkas at pag-aawit ng mga tulang pambata, mga tula at mga awit, ang lahat ng mga ito ay bahagi ng Kindergarten.

Mga hugis

Ang inyong anak ay matututo tungkol sa mga hugis at sukat sa pamamagitan ng pagtutulad at pagtatayo.

Panahon

Malamang na matatandaan ng inyong anak ang mga simpleng pagkakasunod-sunod at susundan niya ang mga hakbang sa kanyang pang-araw-araw na rutina.

Sa Kindergarten, ang inyong anak ay natututo ng mga sosyal na kasanayan sa pamamagitan ng laro at pakikipagbahagian sa mga ibang bata. Ang laro ay hinahayaan siyang makipagbahagian, makipaghalinhinan at magdibelop ng kanyang pagtitiyaga sa sarili at koordinasyon.

© Department of Education, Western Australia 2015

© Department of Education, Western Australia 2015

Ang pagiging interesado sa ginagawa ng inyong anak sa paaralan, pagtulong sa klase at pagiging bahagi ng komunidad ng paaralan ay magpapakita sa inyong anak kung gaano ninyo pinapahalagahan ang paaralan.

TALAGANG NAPAKAHALAGA ANG PAGPASOK SA PAARALAN ARAW-ARAW

Sa paaralan, ang guro ng inyong anak ay nagpaplano ng mga programa at gawain na nagdadagdag sa mga dating natutuhang kasanayan.

Ang pagdibelop ng ugali nang palaging pagpasok sa paaralan mula Kindergarten ay kailangang-kailangan upang ang inyong anak ay hindi mawalan ng mahahalagang ideya at kasanayan na kailangan niya sa haharaping pag-aaral.

Makakatulong kayo sa pamagitan nang:

- pagsasalita nang positibo tungkol sa paaralan upang maging masaya ang inyong anak na pumasok sa bawat araw
- pagpapakita ng pagkagusto sa ginagawa ng inyong anak sa paaralan at pakikipag-usap sa guro tungkol sa inyong magagawa sa tahanan
- pagtatakda ng mga araw ng laro upang tulungang makipagkaibigan ang inyong anak
- pagtuturo sa inyong anak kung paano makikibahagi at makikipaghalinhinan
- paghahatid sa paaralan at pagsusundo buhat sa paaralan ng inyong anak sa tamang oras
- pagsisiguro na kumakain ng masustansyang pagkain ang inyong anak sa bawat araw at natutulog nang sapat na panahon bawat gabi
- paggagawa ng tipanan sa mga manggagamot, dentista at mga ispesyalista pagkatapos ng paaralan o sa bakasyon ng paaralan
- pagbabakasyon sa panahon ng bakasyon ng paaralan at hindi habang panahon ng term.

Kung sakaling maysakit ang inyong anak at hindi makakapasok sa paaralan, tawagan o magpadala kayo ng teksto sa paaralan para malaman iyon ng guro. Kung lumiban ang inyong anak ng isang araw, makipg-usap sa guro upang malaman kung paano ninyo matutulungan ang inyong anak na makahabol sa mga aralin. Kung mahihirapan kayong maghatid ng inyong anak sa paaralan, kausapin ninyo ang guro.

© Department of Education, Western Australia 2015

ANG MAGAGAWA NINYO SA TAHANAN

- Magbasa kayo nang malakas ng mga aklat, ituro ninyo ang mga litrato at mag-usap kayo ng inyong anak tungkol sa kuwento.
- Magdrowing at magsulat kayo kasama ng inyong anak at pag-usapan ninyo ang inyong ginagawa.
- Palakasin ninyo ang loob ng inyong anak na sumubok at magkamali upang matuto at makatapos ng mga gawain. Maging matiyaga kayo at hayaan ninyo silang subukan gumawa.
- Magsisimulang marinig at makita ng inyong anak kung paano ginagamit ang mga bilang sa tahanan at sisimulan niyang magtulad ng mga pangalan ng bilang sa mga napakakaliit na grupo ng mga bagay sa pamamagitan lang ng pagtingin sa mga ito. Makakatulong kayo kapag nagsasalita kayo habang gumagawa kayo ng anuman at sinasabi kung ano ang inyong ginagawa. Halimbawa: *Kailangan natin ng apat na plato, kaya kung kukuha ako ng dalawang plato at pagkatapos kukuha ako ng dalawa pa, magkakaroon tayo ng apat na plato.*
- Isang magaling na paraan upang tumulong sa kasanayang nauukol sa matematika ay sa pamamagitan ng mga karaniwang gawain – sa oras ng pagligo, kapag naglalaro sa labas at habang magkasamang nagluluto. Ang pagbibilang kasama ng inyong anak na gamit ang mga bagay na kanyang nakikita at nahihipo, pagsukat ng mga bagay at pagkumpara ng mga bagay ay tutulungan siyang marinig at gamitin ang mga ideyang matematika.
- Sa ganitong gulang, matututo rin ang inyong anak tungkol sa pagsukat sa pamamagitan ng paggamit ng mga karaniwang salita gaya ng: *puno* at *walang laman*, *malaki* at *maliit*, *mataas* at *mababa,* at *mabigat* at *magaan*. Paggamit ng mga salitang naglalarawan ng posisyon gaya ng: nasa loob, nasa ibabaw, at nasa ilalim, at pag-uusap kung ang isang bagay ay malapit, malayo at nakataob, ay tutulungan ang inyong anak na matuto tungkol sa kinalalagyan.
- Ang mga awit ng bilang at mga pambatang tula ay matutulungan ang inyong anak na matutong magbilang. Magpalipas kayo ng panahon na magkasamang kumakanta ng mga awit gaya ng: *One, two, three, four, five, once I caught a fish alive (isa, dalawa, tatlo, nakahuli ako ng isdang buhay)* at *One, two, buckle my shoe (isa, dalawa, hinihibilya ko ang aking sapatos)*. Ang mga aklat ng bilang na magkasama ninyong binabasa at pinag-uusapan ay magagaling din na paraan upang matuto ng mga maagang ideya ang inyong anak.

Kapag magpapalista kayo sa paaralan, tiyakin ninyong banggitin kung may anumang mga alerhiya o kalagayang medikal ang inyong anak. Kung ang inyong anak ay may mga natatanging pangangailangan tanungin ninyo ang paaralan upang malaman kung anong mga plano ang mayroon ang paaralan para dito. Makakatulong din para sa mga guro na malaman kung ang inyong anak ay nagpapatingin sa isang ispesyalista.

© Department of Education, Western Australia 2015

HIGIT PANG MGA IDEYA PARA SA INYO AT INYONG ANAK

Kausapin ninyo ang inyong anak

Sa paaralan matutuhan ng inyong anak ang kahalagahan ng pakikipag-unawaan. Makakatulong kayo sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa inyong anak tungkol sa mga bagay na ginagawa nila sa paaralan. Ipapaliwanag o ipapalarawan ninyo sa kanya ang mga bagay nangyari sa araw. Magtanong kayo ng mga tanong na maglalabas nang mas maraming impormasyon kung wala na siyang ibang maisip. Magtanong kayo ng mga 'bukas' na tanong upang sumagot ang inyong anak nang higit sa 'oo' o'hindi'. Halimbawa: Siguruhin ninyo na pag-usapan din ang tungkol sa inyong araw!

Makipag-usap kayo sa guro

Magkaroon kayo ng panayang kontak sa guro ng inyong anak. Ang inyong paaralan ay may sari-saring mga paraan upang ito ay inyong magawa. Kung nais ninyong makipag-usap sa guro ng inyong anak na hindi magagambala, pinakamagaling na gumawa ng tipanan.

Tumulong kayo sa klase

Ang guro ng inyong anak ay maaaring humiling ng tulong sa pakiking sa pagbabasa ng mga bata, sa pagtutulong sa mga bata sa kanilang pagsusulat at likhang sining (artrwork), mga ikskursyon at mga ispesyal na kaganapan. Marahil ay magugustuhan din ninyong sumali sa samahan ng mga magulang at mamamayan (P&C) ng paaralan o magboluntaryo sa kantina ng paaralan.

Malimit na kailangan ng mga guro ng mga bagay para sa sining, gawaing pangkamay, matematika at agham gaya ng mga butones, mga piraso ng tela, kabibi, mga lalagyang plastik at mga botelya - walang katapusan ang listahan! Tanungin ang guro tungkol sa mga bagay na kailangan nila.

Magbasa kayo na magkasama

Gustong-gusto ng mga bata na sila ay binabasahan. Ang panahong magpapalipas kayo na nagbabasa na magkasama ay matutulungan ang inyong anak na magkaroon ng pagkagusto sa mga aklat at mga salita. Lalong maagang kayong magsimula, lalong mabuti – ang inyong anak ay magiging mas handa para sa paaralan kung alam na alam niya ang wika at ang maraming mga paraan na ginagamit ito.

Ang aklatan sa inyong lugar ay isang tagong-kayamanan ng mga aklat at mga babasahin – hayaan ninyong piliin ng anak ninyo ang mga nagugustuhan niya.

© Department of Education, Western Australia 2015

ISBN 978-0-7307-4563-1

W: education.wa.edu.au

© Department of Education, Western Australia 2015